## Pagsunod sa mga Kautusan at Pagmamahal sa Iba

Kapag iniisip natin ang pagmamahal, ang mga unang bagay na madalas pumasok sa isipan ay mga romantikong pelikula, tsokolate, at bulaklak. Ngunit ang pagmamahal—*tunay* na pagmamahal—ay mas malalim at mas di-makasarili kaysa riyan. Si Jesucristo ay nabuhay para sa atin at namatay para sa atin dahil sa pagmamahal Niya sa atin. Katunayan, ang dalawang dakilang utos ay ibigin ang Diyos at mahalin ang lahat ng iba pa (tingnan sa Mateo 22:36–40). Ngunit paano natin *maipapakita* sa iba na mahal natin sila?

Ibinahagi ni Pangulong Uchtdorf ang talinghaga ni Cristo tungkol sa dalawang anak na lalaki, na ang isa ay nagtrabaho para sa kanyang ama at isa ay hindi. Binigyang-diin ng Tagapagligtas na tanging ang anak na sumunod sa kanyang ama ang tunay na nagmahal sa kanya. Gayundin, kapag sinusunod natin ang mga utos ng Diyos, ipinapakita natin na mahal natin Siya at nais nating makabalik sa Kanya.



Ngunit paano natin ipinapakita na mahal natin ang ating kapwa? Ipinaliwanag din iyan ni Pangulong Uchtdorf: "Kung talagang mahal natin ang ating kapwa, gagawin natin ang lahat para matulungan 'ang mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap.' Dahil sila na gumagawa ng mga di-makasariling pagpapakita ng habag at paglilingkod, sila rin ay mga disipulo ni Jesucristo."

Kaya sa susunod na makita mo ang iyong magulang, kapatid, o kaibigan, isiping paglingkuran sila para ipakita na mahal mo sila. Hindi lamang ito magpapasaya sa kanila at sa iyo, kundi magpapasaya rin ito sa inyong Ama sa Langit.

MGA BATA

## Pagpapakita ng Pagmamahal

Nagkuwento si Jesus tungkol sa isang ama at sa kanyang dalawang anak na lalaki. Nagtrabaho ang ama sa isang ubasan at pinatulong ang dalawang anak niyang lalaki. Tumanggi ang unang anak noong una ngunit kalaunan ay nagpunta upang tumulong sa ubasan. Sinabi ng pangalawang anak na tutulong siya, ngunit hindi naman niya ito ginawa. Itinuro ni Jesus na ang unang anak ang nagpakita ng higit na pagmamahal sa kanyang ama sa pagiging masunurin.

Isadula ang kuwentong ito! Pagkatapos ay isulat o idrowing ang tatlong bagay na magagawa ninyo upang ipakita ang inyong pagmamahal sa Ama sa Langit.

